Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

# Mga Estratehiya sa Pagtuturo at Karanasan sa Pananaliksik ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Unang Distrito ng Batangas

Nikka Zayra P. Buela [1], Dr. Reymund Ferry [1]
1 – Golden Gate Colleges
nikkabuela@gmail.com / 0009-0002-1405-3464

Publication Date: July 18, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.21429578**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang mga estratehiya sa pagtuturo at karanasan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa Senior High School sa Unang Distrito ng Batangas. Nilayon nitong matukoy ang lawak ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik batay sa pag-unawa, aplikasyon, at pagkatuto ng mga mag-aaral, gayundin ang lawak ng pagpapakita ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pananaliksik ayon sa interes, pagpili ng paksa, at kasanayan. Gumamit ang mananaliksik ng mixed-method design na pinagsasama ang kwantitatibo sa deskriptibong disenyo at kwalitatibo sa dulog na *phenomenological*. Isinagawa ang sarbey sa mga piling guro sa Filipino at Ingles sa iba't ibang Senior High School sa Unang Distrito, at sinamahan ng panayam upang makuha ang mas malalim na datos hinggil sa mga hamon sa pagtuturo ng pananaliksik.

Lumabas sa resulta na madalas gamitin ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, subalit nananatiling hamon ang kakulangan sa teknikal na kasanayan, limitadong kagamitan, at mababang interes ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pananaliksik. Napatunayan ding may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro at ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pananaliksik. Batay sa mga natuklasan, bumuo ang mananaliksik ng kagamitang panturo na hango sa makabagong teknolohiya upang higit na mapaunlad ang pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik sa Filipino.

**Susing salita**: *estratehiya sa pagtuturo, karanasan sa pananaliksik, Senior High School, Filipino, teknolohikal na kagamitang panturo*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

## INTRODUKSYON

Ang pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng pangangalap at pagsusuri ng impormasyon upang makahanap ng kasagutan sa isang tiyak na suliranin o tanong. Mahalaga ito sa iba't ibang larangan ng akademya at propesyon sapagkat nakakatulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman, pagbibigay ng solusyon sa mga isyu, at pagbuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa konteksto ng edukasyon, ang pananaliksik ay isang mahalagang kasanayan na dapat matutunan ng bawat mag-aaral upang mahubog ang kanilang kakayahang magsuri, magpaliwanag, at maglahad ng ideya nang sistematiko at may kredibilidad. Ayon kay Raposas (2024), ang pananaliksik ay may napakahalagang gampanin sa pagpapakilala sa mga mag-aaral ng *Senior High School* sa Filipino bilang bahagi ng kurikulam sa Kagawaran ng Edukasyon at disiplinang magpapatibay ng kanilang kaalaman at kasanayan na kakailanganin nang lubos sa kanilang pagtuntong sa tersyarya at sa larangang propesyunal.

Ayon kay Anatacio (2020), ang mga layunin ng pananaliksik ay naglalayong magtuklas ng bagong kaalaman, patunayan ang umiiral na teorya. Gayunpaman, sa kabila ng kahalagahan nito, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagsasagawa ng isang sistematikong pananaliksik, lalo na sa asignaturang Filipino. Maraming salik ang maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsusulat ng pananaliksik, kabilang ang kanilang interes, antas ng kaalaman, at kasanayan sa pagsasagawa nito. Malaki rin ang papel ng suporta ng mga guro at magulang sa paghubog ng kanilang kasanayan. Sa kabila ng pagsisikap ng paaralan na mapabuti ang pagtuturo ng pananaliksik, nananatiling hamon ang kakulangan sa kaalaman at ang mababang interes ng mga mag aaral sa gawaing ito.

Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na alamin ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa *Senior High School* sa Unang Distrito ng Batangas sa pagsusulat ng pananaliksik sa Filipino. Sinusuri nito kung paano naaapektuhan ng kanilang interes, kaalaman, at kasanayan ang kanilang kakayahan sa pananaliksik, gayundin ang bisa ng mga kasalukuyang estratehiya ng kanilang mga guro. Bukod dito, tinatalakay rin ng pananaliksik ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral at ang mga posibleng interbensyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa larangang ito.

Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang matutukoy ang mga estratehiya sa pagtuturo ng mga guro at ang mga karanasan sa pananaliksik ng mga mag-aaral. Gayundin, layunin nitong makabuo ng kagamitang panturo na hango sa makabagong teknolohiya upang magamit ng mga guro sa pagpapabuti ng pagtuturo ng pananaliksik.

Nilalayon din nito na matugunan ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang lawak ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik ayon sa:
    1.1 pag-unawa ng mga estudyante,
    1.2 aplikasyon ng mga natutuhan, at

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

1.3 pagkatuto ng mag-aaral?

2. Paano masusuri ng mga guro ang lawak ng pagpapakita ng karanasan ng mga estudyante sa pagsulat ng pananaliksik batay sa sumusunod:
    2.1 interes sa pagsulat ng pananaliksik,
    2.2 pagpili ng paksa, at
    2.3 kasanayan sa pagsasagawa ng pananaliksik?
3. May kaugnayan ba ang estratehiyang ginagamit ng mga guro sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik sa Filipino?
4. Ano ang mga hamong kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino?
5. Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, ano ang kagamitang panturo na hango sa makabagong teknolohiya ang maaaring mabuo?

***Hypothesis***

***Null Hypothesis.*** Walang makabuluhang epekto ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *mixed-methods design* na naglalayong pagsamahin ang mga kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang makakuha ng mas komprehensibong pag-unawa sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik at sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagsasagawa nito.

Sa kwantitatibong bahagi, ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang mailarawan ang antas ng paggamit ng mga guro ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik at ang karanasan ng mga mag-aaral batay sa tatlong dimensyon: interes sa pagsulat ng pananaliksik, pagpili ng paksa, at kasanayan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ang bahaging ito ay tumuon sa pagkuha ng *numerical data* sa pamamagitan ng sarbey-kuwestyoner upang masukat at maipakita sa istadistikal na paraan ang mga pananaw at karanasan ng mga kalahok.

Samantala, sa kwalitatibong bahagi, ginamit ang *phenomenological approach* sa pamamagitan ng *semi-structured interview* upang makuha ang mas malalim na pananaw ng mga guro hinggil sa mga hamong kinakaharap nila sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino at sa mga mungkahing kagamitang panturo na maaaring makatulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.

### Mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay piling mga guro sa Filipino at Ingles, gayundin ang ilang guro mula sa iba pang asignatura na may karanasan sa pagtuturo ng

Online ISSN: 3082-5121
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

pananaliksik mula sa iba't ibang *Senior High School* sa Unang Distrito ng Batangas. Batay sa datos, may kabuuang 193 guro sa Filipino at Ingles ang bumubuo sa populasyon.

Sa pagtukoy ng mga respondente ng pag-aaral, ginamit ang *Slovin's Formula* upang matukoy ang tamang bilang ng kalahok sa 5% *margin of error*. Ang *stratified random sampling* na may *proportionate allocation* ay ginamit upang matiyak na ang bawat pangkat ng populasyon ay may patas na representasyon batay sa kanilang bilang at katangian.

**Instrumento sa Pananaliksik**

Sariling gawang talatanungan. Gagamit ng sariling-gawang talatanungan ang mananaliksik upang malaman ang mga estratehiya sa pagtuturo at karanasan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa *Senior High School*. Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang bahagi. Una ay upang masukat ang lawak ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik ng mga guro; at ang ikalawa ay upang malaman ang lawak ng pagpapakita ng karanasan ng mga estudyante sa pagsulat ng pananaliksik. Gagamit ng *Likert Scale* ang sariling-gawang talatanungan na ito.

Magsasagawa ng panayam. Ang mananaliksik ay pipili ng ilang mga guro sa bawat paaralan para maisagawa ang panayam na nakatuon sa karanasan sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik. Isasagawa ito upang makakuha ng mas malalim na datos.

**Paraan ng pangangalap ng datos**

Ang pagkuha ng pahintulot mula sa Pansangay na tagapamanihala ng mga paaralan ay ang naging unang hakbang ng mananaliksik bago magtungo sa mga Pampurok na tagamasid at Punongguro. Mula dito ay kumuha ng pahintulot ang mananaliksik upang makapagsagawa ng sarbey at panayam sa mga paaralan.

Isinagawa ang pangangalap ng datos gamit ang ng talatanungan na nakaimprenta at talatalungan na elektroniko sa pamamagitan ng *google forms.* Gumamit ng *Google Meet* ang mananaliksik upang makapagsagawa ng *Focus Group Discussion.* Pagkatapos mangalap ng datos ay isinagawa ang istatistikal na proseso para maayos ang pagbibigay ng kahulugan at interpretasyon sa mga datos na nakalap.

**Pagsusuri ng datos**

Ang mananaliksik ay gumamit ng sumusunot na istadistika; *Weighted Mean.* Nagsasaad ito ng kabuuan ng mga baryabol na kalahok sa pananaliksik. Ginamit ito upang matukoy ang lawak ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik, at lawak ng pagpapakita ng karanasan ng mga estudyante sa pagsulat ng pananaliksik. *Pearson's r coefficient of correlation***.** Ito ay ginamit upang malaman kung may uganayan ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa karanasan ng mga mag aaral sa pagsulat ng pananaliksik. *Thematic Analysis***.** Ito ay ginamit upang suriin ang mga sagot mula sa panayam ukol sa mga hamong kinakaharap ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

guro sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang pananaliksik na ito ay sumunod sa mga pamantayang etikal upang matiyak ang proteksyon at dignidad ng bawat kalahok. Bago mangalap ng datos, kumuha ng *informed consent* mula sa lahat ng kalahok. Ang kanilang paglahok ay boluntaryo, at ipinaalam sa kanila ang kanilang karapatang lumabas sa pananaliksik anumang oras. Ang pagiging *anonymus* at kumpidensyal ng mga sagot ng mga kalahok ay pinanatili sa buong proseso ng pananaliksik. Bukod dito, ang mga resulta ng pananaliksik ay inilahad nang malinaw, tapat, at may pagsigurong walang anumang pinsala sa mga kalahok.

## RESULTA

Inilalahad rito ang resulta at talakay ng mga datos na nakalap mula sa mga sagot sa talatanungang ipinamahagi sa mga respondente. Ang mga nasabing datos

**1. Lawak ng Paggamit ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Pananaliksik**

**Pag-unawa ng mga Estudyante**

**Talahanayan 2**

Ayon sa Pag-unawa ng mga Estudyante

| Mga Pahayag | Weighted Mean | Inerpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Gumagamit ng graphic organizers | 3.6200 | Lubos na Nagagamit | 10 |
| Nagpapaliwanag ng teknikal na termino | 3.7600 | Lubos na Nagagamit | 5.5 |
| Pagpapatupad ng scaffolding strategy upang unti-unting maituro ang mga bahagi ng pananaliksik | 3.6600 | Lubos na Nagagamit | 8 |
| Paggamit ng Socratic Method sa talakayan upang pagigtingin ang pag-unawa sa mga konsepto. | 3.6400 | Lubos na Nagagamit | 9 |
| Pag-uugnay ng aralin sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral. | 3.9400 | Lubos na Nagagamit | 1 |
| Pagpapagamit ng concept mapping. | 3.7200 | Lubos na Nagagamit | 7 |
| Pagpapasuri ng mga halimbawa ng pananaliksik. | 3.8000 | Lubos na Nagagamit | 4 |
| Pagsasagawa ng Peer discussions. | 3.7600 | Lubos na Nagagamit | 5.5 |
| Pagbibigay ng contextualized examples. | 3.8300 | Lubos na Nagagamit | 3 |
| Pagpapakita ng halimbawa ng bawat bahagi ng pananaliksik. | 3.8900 | Lubos na Nagagamit | 2 |
| Composite Mean | 3.7620 | Lubos na Nagagamit | |

Ipinapakita ng Talahanayan 2 na ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik ayon sa pag-unawa ng mga mag-aaral ay lubos na nagagamit (*Composite Mean* = 3.7620).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Pinakamataas ang "Pag-uugnay ng aralin sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral" (x̄ = 3.9400), "Pagpapakita ng halimbawa ng bawat bahagi ng pananaliksik" (x̄ = 3.8900), at "Pagbibigay *ng contextualized examples"* (x̄ = 3.8300).

Ipinapakita nito na ang mga estratehiyang may malinaw na koneksyon sa karanasan at konteksto ng mag-aaral ay mas epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa. Samantala, ang mga estratehiyang gaya ng "*Socratic Method*" (x̄ = 3.6400) at "*graphic organizers*" (x̄ = 3.6200) ay nakatulong din sa pagpapaliwanag ng teknikal na konsepto, bagama't may bahagyang mas mababang marka kumpara sa iba.

**Aplikasyon ng mga Natutunan**
**Talahanayan 3**
Ayon sa Aplikasyon ng mga Natutunan

| **Mga Pahayag** | **Weighted Mean** | **Inerpretasyong Berbal** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Pagpapasulat ng bahagi-bahaging pananaliksik. | 3.7600 | Lubos na Nagagamit | 4.5 |
| Pagpapasuri ng datos gamit ang gabay na tanong. | 3.6100 | Lubos na Nagagamit | 9 |
| Pagpapabuo ng sariling tanong sa pananaliksik. | 3.8100 | Lubos na Nagagamit | 1.5 |
| Pagpapagawa ng sintesis sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral. | 3.7300 | Lubos na Nagagamit | 7 |
| Pagpapagawamit ng mga digital tool (hal. Grammarly, Turnitin) | 3.6500 | Lubos na Nagagamit | 8 |
| Pagpapadisenyo ng data gathering. | 3.8000 | Lubos na Nagagamit | 3 |
| Pagsasanay sa presentasyon ng pananaliksik. | 3.7400 | Lubos na Nagagamit | 6 |
| Pagpapadebelop o pagbuo ng paglalahad ng suliranin. | 3.7600 | Lubos na Nagagamit | 4.5 |
| Pagpapasulat ng replektibong sanaysay. | 3.5100 | Lubos na Nagagamit | 10 |
| Pagpapagawa ng kolaboratibong pananaliksik sa maliliit na grupo. | 3.8100 | Lubos na Nagagamit | 1.5 |
| Composite Mean | 3.7180 | Lubos na Nagagamit | |

Ipinapakita ng Talahanayan 3 na ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik ayon sa aplikasyon ng mga natutunan ay lubos na nagagamit na may *composite mean* na 3.7180. Pinakamataas ang "Pagpapabuo ng sariling tanong sa pananaliksik" at "Pagpapagawa ng kolaboratibong pananaliksik sa maliliit na grupo" (x̄ = 3.8100), na nagpapakita ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral at paggamit ng *higher-order thinking skills*. Sinundan ito ng "Pagpapadisenyo ng *data gathering*" (x̄ = 3.8000), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na mag-apply ng konsepto sa aktwal na gawain.

Samantala, bahagyang mababa ang marka sa "Pagpapasuri ng datos gamit ang gabay na tanong" (x̄ = 3.6100) at "Pagpapasulat ng replektibong sanaysay" (x̄ = 3.5100).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**Pagkatuto ng Mag-aaral**
**Talahanayan 4**
Ayon sa Pagkatuto ng Mag-aaral

| **Mga Pahayag** | **Weighted Mean** | **Inerpretasyong Berbal** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Pagpapasagot ng mga pagsasanay. | 3.6600 | Lubos na Nagagamit | 4 |
| Pagsaagawa ng individual coaching sessions. | 3.3500 | Nagagamit | 9 |
| Pagpapagamit ng e-portfolio upang masubaybayan ang pag-unlad ng bawat isa. | 3.2100 | Nagagamit | 10 |
| Pagsasagawa ng self-assesment at peer review. | 3.4900 | Nagagamit | 7 |
| Pagsasaalang-alang ng learning styles sa pagdisenyo ng mga gawaing pananaliksik. | 3.7300 | Lubos na Nagagamit | 2 |
| Pagpapagamit ng self-assesment tool sa pagtataya ng sariling pagkatuto sa kabuoang proseso ng pananaliksik. | 3.6400 | Lubos na Nagagamit | 5 |
| Pagsasagawa ng pidbak sessions. | 3.7100 | Lubos na Nagagamit | 6 |
| Pagpapakita ng pagkakaiba ng mababa at mataas na awtput. | 3.4700 | Nagagamit | 8 |
| Nagpapagawa ng performance-based tasks. | 3.7100 | Lubos na Nagagamit | 3 |
| Pagbibigay ng pagsusulit. | 3.8300 | Lubos na Nagagamit | 1 |
| Composite Mean | 3.5700 | Lubos na Nagagamit | |

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik ayon sa pagkatuto ng mag-aaral ay lubos na nagagamit na may *composite mean* na 3.5700. Pinakamataas ang "Pagbibigay ng pagsusulit" ($\bar{x}$ = 3.8300), na sinusundan ng "Pagsasaalang-alang ng *learning styles"* ($\bar{x}$ = 3.7300) at "Nagpapagawa ng *performance-based tasks"* ($\bar{x}$ = 3.7100).

Samantala, bahagyang mababa ang marka *ng "Individual coaching sessions"* ($\bar{x}$ = 3.3500) at "*e-portfolio"* ($\bar{x}$ = 3.2100), na maaaring magpahiwatig ng pangangailangan ng higit na oras, teknolohikal na suporta, at follow-up upang magamit nang epektibo ang mga ito. Gayunpaman, ipinapakita ng mataas na resulta sa "*pidbak sessions"* ($\bar{x}$ = 3.7100) at "*self-assessment tools"* ($\bar{x}$ = 3.6400) na natututo ang mga mag-aaral kapag sila ay aktibong nasasangkot sa pagsusuri ng sariling pagkatuto at sa pagtataya ng kanilang pag-unlad.

Online ISSN: 3082-5121

Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields

https://journals.aloysianpublications.com

Volume 2 Issue 7 (2026)

2. **Lawak ng Pagpapakita ng karanasan ng mga estudyante sa pagsulat ng pananaliksik**

**Interes sa Pagsulat ng Pananaliksik**

**Talahanayan 5**

Ayon sa Interes sa Pagsulat ng Pananaliksik

| **Mga Pahayag** | **Weighted Mean** | **Inerpretasyong Berbal** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Kasiglahan tuwing may gawaing pananaliksik. | 3.1600 | Nakikita | 10 |
| Pagkukusa sa pagpili ng paksa. | 3.4400 | Nakikita | 7 |
| Pag-uusisa ukol sa proseso ng puna. | 3.5200 | Lubos na Nakikita | 3 |
| Pagsasagawa ng self-assesment at peer review. | 3.6100 | Lubos na Nakikita | 1 |
| Pagtanggap ang mga mungkahi o pananaliksik. | 3.4900 | Nakikita | 4.5 |
| Pakikilahok sa mga talakayan at grupo. | 3.5300 | Lubos na Nakikita | 2 |
| Pagpapahalaga sa resulta ng isinagawang pananaliksik. | 3.3200 | Nakikita | 9 |
| Pagtatapos ng mga gawain sa itinakdang oras. | 3.3400 | Nakikita | 8 |
| Interesado sa pagsusuri ng datos at ebidensya. | 3.4900 | Nakikita | 4.5 |
| Pagnanais na maibahagi ang mga natuklasan sa pananaliksik | 3.4700 | Nakikita | 6 |
| Composite Mean | 3.4370 | Nakikita | |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 na ang interes ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik ay may composite mean na 3.4370, na may berbal na interpretasyong "Nakikita." Ibig sabihin, karaniwan nilang ipinapakita ang interes sa gawaing pananaliksik, lalo na sa mga aspekto ng "Pagtanggap ng puna at gabay mula sa guro" ($\bar{x}$ = 3.6100), "Pagpapahalaga sa resulta ng pananaliksik" ($\bar{x}$ = 3.5300), at "Pag-uusisa sa proseso ng pananaliksik" ($\bar{x}$ = 3.5200).

Ipinapakita ng resulta na bahagyang mababa ang marka sa "Kasiglahan sa gawaing pananaliksik" ($\bar{x}$ = 3.1600) at "Pagtatapos ng mga gawain sa itinakdang oras" ($\bar{x}$ = 3.3200), na nagpapahiwatig ng kakulangan sa motibasyon at disiplina ng mga mag aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

**Pagpili ng Paksa**

**Talahanayan 6**

Ayon sa Pagpili ng Paksa

| **Mga Pahayag** | **Weighted Mean** | **Inerpretasyong Berbal** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Nakapipili ng paksang orihinal at makabuluhan. | 3.4300 | Nakikita | 5.5 |
| Nakapipili ng napapanahon na paksa. | 3.5000 | Lubos na Nakikita | 4.5 |
| Nakabubuo ng paksa batay sa personal na interes at koneksiyon sa karanasan ng mananaliksik. | 3.5455 | Lubos na Nakikita | 3 |
| Naiisaalang-alang ang pagkakaroon ng sapat na | 3.4300 | Nakikita | 5.5 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| mapagkukunan sa pagpili ng paksa. | | | |
| Nakapipili ng paksa na tumutugon sa tiyak at malinaw na layunin ng pananaliksik. | 3.5800 | Lubos na Nakikita | 1 |
| Naipapakita ang paglalapat ng brainstorming bilang hakbang bago ang pagpili ng paksa. | 3.4700 | Nakikita | 7 |
| Naiaangkop ang napiling paksa sa kurikulum ng asignaturang Filipino. | 3.5000 | Lubos na Nakikita | 4.5 |
| Naitatakda ang hangganan o saklaw ng paksa batay sa layunin ng pag-aaral. | 3.5500 | Lubos na Nakikita | 2 |
| Natatanggap at isinasaalang-alang ang mungkahi o puna ng guro sa pagpili at paglinang ng paksa. | 3.5000 | Lubos na Nakikita | 4.5 |
| Nakabubuo ng pamagat na simple, tuwiran, ngunit makahulugan at tumutugma sa paksa. | 3.4300 | Nakikita | 5.5 |
| Composite Mean | 3.4936 | Nakikita | |

Ipinapakita ng Talahanayan 6 na ang lawak ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng paksa ay may *composite mean* na 3.4936, na may berbal na interpretasyong "Nakikita." Ibig sabihin, nakikita ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pagpili ng paksa sa pananaliksik, bagama't may mga aspekto pa ring nangangailangan ng higit na paglinang. Pinakamataas ang pahayag na "Nakapipili ng paksa na tumutugon sa tiyak at malinaw na layunin ng pananaliksik" ($\bar{x}$ = 3.5800), na nagpapakita ng kamalayang akademiko ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng malinaw na direksiyon at layunin ng pananaliksik. Sinundan ito ng "Naitatakda ang hangganan o saklaw ng paksa batay sa layunin ng pag-aaral" ($\bar{x}$ = 3.5500) at "Nakabubuo ng paksa batay sa personal na interes at koneksiyon sa karanasan ng mananaliksik" ($\bar{x}$ = 3.5455).

Samantala, ang mga pahayag na "Nakapipili ng paksang orihinal at makabuluhan," "Naiisaalang-alang ang sapat na mapagkukunan," at "Nakabubuo ng pamagat na simple, tuwiran, ngunit makahulugan" ay may pinakamababang marka ($\bar{x}$ = 3.4300).

**Kasanayan sa Pagsasagawa ng Pananaliksik**

**Talahanayan 7**

Ayon sa Kasanayan sa Pagsasagawa ng Pananaliksik

| Mga Pahayag | Weighted Mean | Inerpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Nakasusulat ng malinaw na introduksyon. | 3.5300 | Lubos na Nakikita | 4 |
| Nakabubuo ng tiyak at makabuluhang layunin. | 3.5700 | Lubos na Nakikita | 1 |
| Nakapagsusuri ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral. | 3.4200 | Nakikita | 9 |
| Nakapipili ng angkop na disenyo at metodo. | 3.4500 | Nakikita | 8 |
| Nakapagsasagawa ng pangangalap ng datos. | 3.5500 | Lubos na Nakikita | 2 |
| Nabibigyang-kahulugan ang datos. | 3.5400 | Lubos na Nakikita | 3 |
| Nakasusunod sa tamang pormat at balangkas | 3.4900 | Nakikita | 6 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| ng konsistensi. | | | |
| Natatapos ang pananaliksik ayon sa itinakdang iskedyul. | 3.3700 | Nakikita | 10 |
| Nakabubuo ng kongklusyon. | 3.5100 | Lubos na Nakikita | 5 |
| Nakapagbibigay ng makabuluhang rekomendasyon. | 3.4800 | Nakikita | 7 |
| Composite Mean | 3.4910 | Nakikita | |

Ipinapakita ng Talahanayan 7 na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik ay may composite mean na 3.4910, na may berbal na interpretasyong “Nakikita.” Ibig sabihin, nakikita sa mga mag-aaral ang sapat na kakayahan sa iba’t ibang bahagi ng pagsulat ng pananaliksik, bagama’t may ilang aspekto pa na nangangailangan ng higit na pagpapalakas. Pinakamataas ang pahayag na “Nakabubuo ng tiyak at makabuluhang layunin” ($\bar{x}$ = 3.5700), “Nakapagsasagawa ng pangangalap ng datos” ($\bar{x}$ = 3.5500), at “Nabibigyang-kahulugan ang datos” ($\bar{x}$ = 3.5400). Sa kabilang dako, bahagyang mababa ang marka ng mga pahayag na “Nakapagsusuri ng mga kaugnay na literatura” ($\bar{x}$ = 3.4200) at “Natatapos ang pananaliksik ayon sa itinakdang iskedyul” ($\bar{x}$ = 3.3700), na nagpapahiwatig ng kahinaan ng ilan sa pagsusuri ng literatura at pamamahala ng oras.

**3. Kaugnayan ng estratehiyang ginagamit ng mga guro sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik sa Filipino**

**Talahanayan 8**

Signipikanteng Uganyan ng Karanasan at Mga Estratehiya sa Pananaliksik

| Interes sa Pagsulat ng Pananaliksik | r-value | p-value | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa | 0.509 | 0.000 | May signipikanteng ugnayan |
| Aplikasyon | 0.408** | 0.00 | May signipikanteng ugnayan |
| Pagkatuto | 0.711** | 0.00 | May signipikanteng ugnayan |

***correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)*

Ang resulta (r = 0.711; p = 0.000) ay nagpapakita ng malakas na ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo at interes ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pananaliksik. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng makabagong estratehiya tulad ng *collaborative learning, reflective writing, at contextualized instruction* ay direktang nakapagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**Talahanayan 9**

Signipikanteng Uganyan ng Karanasan at Mga Estratehiya sa Pananaliksik Pagpili ng Paksa

| Interes sa Pagsulat ng Pananaliksik | r-value | p-value | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa | 0.553** | 0.000 | May signipikanteng ugnayan |
| Aplikasyon | 0.541** | 0.00 | May signipikanteng ugnayan |
| Pagkatuto | 0.644** | 0.00 | May signipikanteng ugnayan |

***correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)*

Batay sa talahanayan 9, ang r-values na 0.553, 0.541, at 0.644 ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpili ng paksa. Ibig sabihin, mas nagiging makabuluhan at malikhaing ang mga paksa ng pananaliksik kapag ang mga guro ay gumagamit ng mga teknik gaya ng *scaffolding*, *brainstorming*, at *guided topic selection*.

**Talahanayan 10**

Signipikanteng Uganyan ng Karanasan at Mga Estratehiya sa Pananaliksik

| Interes sa Pagsulat ng Pananaliksik | r-value | p-value | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa | 0.471** | 0.000 | May signipikanteng ugnayan |
| Aplikasyon | 0.859** | 0.00 | May signipikanteng ugnayan |
| Pagkatuto | 0.850** | 0.00 | May signipikanteng ugnayan |

***correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)*

Pinakamataas sa lahat ng nakuha ang ugnayan sa pagitan ng pagkatuto at kasanayan sa pagsasagawa ng pananaliksik ($r = 0.850$; $p = 0.000$) at aplikasyon at kasanayan ($r = 0.859$; $p = 0.000$). Ipinapakita ng mga datos na ito na habang mas epektibo ang mga estratehiyang ginagamit ng guro, mas nagiging mahusay din ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik.

**4. Mga Hamong Kinakaharap ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pananaliksik**

Ang pagtuturo ng pananaliksik sa antas *Senior High School* ay nananatiling isa sa mga asignaturang pinakamalaking hamon para sa mga guro. Mula sa pagsusuri ng mga tugon, apat na pangunahing tema ng hamon ang lumitaw: (a) kakulangan sa oras at materyales, (b) limitadong kasanayan sa teknikal na aspeto ng pananaliksik, (c) mababang motibasyon at kasanayan ng mag-aaral, at (d) kakulangan ng suporta at labis na gawain.

**5. Paglalarawan ng binuong kagamitang panturo**

TalaPananaliksik: Isang *Web-Based Learning Hub* para sa Pagtuturo ng Pananaliksik Ang TalaPananaliksik ay isang web-based learning hub na idinisenyo bilang makabagong kagamitang panturo at interaktibong plataporma para sa mga guro at mag aaral sa *Senior High School*. Layunin nitong tulungan ang mga guro na maihatid ang mga konsepto ng pananaliksik

sa mas sistematiko, malikhaing, at teknolohikal na paraan, habang binibigyan naman ang mga mag-aaral ng pagkakataong matuto sa sarili nilang bilis at sa paraang kolaboratibo.

**Diskusyon**

Ipinapakita ng resulta na may mahalagang papel ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa paghubog ng pag-unawa, aplikasyon, at pagkatuto ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ang mataas na antas ng paggamit ng mga estratehiyang kontekstuwalisado, kolaboratibo, at nakabatay sa aktwal na karanasan ay nagpapalalim ng pagkatuto, na umaayon sa Constructivist Theory nina Bruner at Vygotsky.

Ayon kay Galino (2025), ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, tulad ng contextualization at scaffolding ay nagdudulot ng mas malalim na pagkatuto sapagkat inuugnay nito ang aralin sa tunay na karanasan ng mag-aaral. Kaayon nito, binigyang-diin nina Bruner (1960) at Vygotsky (1978) sa Constructivist Theory na natututo ang mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at ugnayan ng bagong kaalaman sa dati nang karanasan.

Gayunpaman, may ilang estratehiya tulad ng Socratic Method at graphic organizers na bagama't epektibo ay nangangailangan ng mas maayos na implementasyon. Ipinahihiwatig nito na hindi lamang dami kundi kalidad ng paggamit ng estratehiya ang mahalaga sa pagkatuto. Sinusuportahan ito nina Fabros at Ibañez (2023) na nagsabing ang paggamit ng graphic organizers ay nakapagpapataas ng pag unawa sa mga konsepto, subalit kapag ito ay ginamit nang walang sapat na aplikasyon sa mas malalim na gawain gaya ng pagsusuri at interpretasyon ng datos, nagiging limitado ang epekto nito sa pagkatuto.

Sa aplikasyon ng natutunan, mas epektibo ang mga gawaing nangangailangan ng higher-order thinking gaya ng pagbuo ng sariling tanong at kolaboratibong pananaliksik. Binanggit ni Jadone (2025) na ang pagpapadisenyo ng data gathering ay mahalaga upang malinaw na maunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang disenyo ng pananaliksik, lalo na sa mga baguhan. Ang ganitong aktibong aplikasyon ng natutunan ay nagpapalakas ng tiwala sa sarili at kakayahang magsagawa ng independiyenteng pananaliksik.

Subalit, ang mababang marka sa replektibong pagsulat at pagsusuri ng datos ay nagpapakita ng pangangailangan sa mas matibay na scaffolding. Ayon kay Bruner (1960) sa Constructivist Theory, ang ganitong mga gawain ay nagiging epektibo lamang kapag may sapat na scaffolding at gabay mula sa guro. Kaya't mahalaga ang patuloy na pagsubaybay at suporta sa mga mag-aaral habang ginagamit nila ang kanilang natutunan.

Sa pagkatuto, nananatiling mataas ang paggamit ng tradisyonal na pagtataya tulad ng pagsusulit, habang mas mababa ang paggamit ng e-portfolio at individual coaching dahil sa kakulangan sa oras at teknolohikal na suporta. Ipinahihiwatig nito na mahalaga sa guro ang paggamit ng iba't ibang paraan ng pagtataya upang masukat at mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Salamaw (2023), ang pagsusulit pormal man o impormal ay nagsisilbing gabay sa pagtuturo sapagkat nakapagtutukoy ito ng antas ng kaalaman at kakayahan ng mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Ayon sa interes ng mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik, ipinapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa papel ng guro bilang tagapagturo at tagagabay sa proseso ng pananaliksik, at nakikita nila ang halaga ng pidbak bilang mahalagang salik sa kanilang pagkatuto. Suportado ito ng pag-aaral nina Charalampous at Darra (2024) na nagsasaad na ang puna at gabay ng guro ay may direktang ugnayan sa pagtaas ng akademikong pagganap at motibasyon ng mga mag-aaral.

Ang mga resulta ng karanasan ng mag-aaral sa pagpili ng paksa ay umaayon sa pag-aaral nina Tindal (2020) at Robinson (2020) na nagsasaad na ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na pumili ng paksa batay sa sariling interes ay nakapagpapataas ng motibasyon at kalidad ng kanilang akademikong awtput.

Samantala, ang karanasan ng mga mag-aaral batay sa kasanayan sa pagsasagawa ng pananaliksik ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na may sapat na kakayahan sa iba't ibang bahagi ng pagsulat ng pananaliksik, bagama't may ilang aspekto pa na nangangailangan ng higit na pagpapalakas. Ang mga resultang ito ay umaayon sa pag aaral ni Groth at Choi (2023) na nagsasaad na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa data analysis at interpretasyon ay isa sa pinakamahalagang salik ng matagumpay na pananaliksik, sapagkat dito nakasalalay ang pagiging mapanuri at kredibilidad ng resulta.

Gayunpaman, napatunayan sa correlation analysis na may makabuluhang positibong ugnayan ang estratehiya ng guro at karanasan ng mag-aaral, lalo na sa kasanayan ($r = 0.850$) at aplikasyon ($r = 0.859$). Ipinapakita nito na ang epektibong pagtuturo ay direktang nakaaapekto sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang mga hamon tulad ng kakulangan sa oras, materyales, at suporta ay nakaaapekto sa implementasyon ng mga estratehiya. Dahil dito, mahalaga ang paggamit ng mga inobasyon tulad ng TalaPananaliksik upang mapalakas ang akses sa materyales at suportang teknolohikal.

Sa kabuuan, ang epektibong pagtuturo ng pananaliksik ay nakasalalay sa kalidad ng estratehiya, sapat na suporta sa guro, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Kinakailangan ang isang holistikong lapit upang higit na mapaunlad ang interes at kasanayan sa pananaliksik.

## Konklusyon

Mula sa mga natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Napagalaman sa pagtataya ng mga guro na ang estrahiya sa pagtuturo ay lubos na nagagamit.
2. Ayon sa pagtataya ng mga guro sa pagpapakita ng kakayahan ng mga mga-aaral, napag-alaman na katamtamang naipapakita ang kakayanan nila sa pananaliksik.
3. May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estratehiya ng pagtuturo at karanasan ng mag-aaral.
4. Ang mga hamon ng mga guro sa pagtuturo ay kawalan ng interes ng mag-aaral, kakulangan ng oras at mapagkukunan, limitadong kasanayan sa estadistika, pidbak *monitoring* at pag-apruba

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

ng paksa.
5. Ang teknolohiya, partikular ang paggamit ng *website*, ay mabisang plataporma na magagamit bilang kagamitang panturo.

Mula sa kinalabasan at konklusyon ng pananaliksik, iminungkahi ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi ang opisyal na implementasyon ng TalaPananaliksik sa mga paaralan bilang supplementary learning tool sa asignaturang pananaliksik. Dapat maglaan ng pondo para sa pagpapanatili ng *website*, teknikal na suporta, at pagsasanay ng mga guro at mag-aaral sa paggamit nito. Sa pamamagitan nito,
magiging mas interaktibo, aksesible, at kolaboratibo ang pagkatuto sa pananaliksik.
2. Maaaring maglaan ng karagdagang oras para *sa research mentoring sessions* at *consultation hours* upang matutukan ng guro ang mga mag-aaral sa bawat yugto ng pananaliksik. Dapat ding magkaroon ng *resource-sharing system* sa paaralan upang matiyak ang pagkakaroon ng sapat na materyales at sanggunian para sa pagtuturo at pagkatuto.
3. Maaaring magsasagawa ng *orientation programs, training workshops,* at *research exhibits* na makatutulong upang maihanda ang mga mag-aaral sa pananaliksik.
4. Maaaring paigtingin ang *collaborative teaching* at *peer mentoring* sa hanay ng mga guro upang mapalitan ng karanasan at mas mapabuti ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik. Mainam ding magkaroon ng *continuous evaluation* ng mga ginagamit na estratehiya upang matiyak na ito ay epektibo at akma sa antas ng mga mag-aaral.
5. Maaaring magtatag ng *faculty development programs* ukol sa estadistika, metodolohiya, at paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Iminumungkahi ring gamitin ang TalaPananaliksik: Isang *Web-Based Learning Hub* para sa Pagtuturo ng Pananaliksik bilang digital na espasyo para sa konsultasyon, pagbabahagi ng awtput, at paglalathala ng mga gawaing pananaliksik.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

## Sanggunian

### A. MgaAklat


Calderon, J. F., & Gonzales, E. C. (1993). *Methods of research and thesis writing*. National Book Store.

Chang Tik, C. (2022). Introduction: Collaborative active learning—Strategies, assessment, and pidbak. In *Collaborative active learning* (pp. 1–12). https://doi.org/10.1007/978-981-19-4383-6_1

De Laza, C.S. (2016). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Unang Edisyon. *Rex Book Store*

G. (1984). *Research methods*. Rex Book Store.

Sevilla, C. G., Ochave, J. A., Punsalan, T. G., Regala, B. P., & Uriarte, G.G. (1984). *Research methods.* Rex Book Store.

Thorndike, E. L. (1911/2000). Chapter 5. In *Animal intelligence: An experimental study of the associative processes in animals* (pp. 63–82).

Winne, P. H. (2020). Cognition and metacognition within self-regulated learning. In D. H. Schunk & J. A. Greene (Eds.), *Handbook of self-regulation of learning and performance* (2nd ed., pp. 36–48). Routledge.

Zulueta, F. M., & Costales, N. E. (2003). *Methods of research: Thesis- writing and applied statistics*. National Book Store.


### B. Mga Nailathala at Di-Nailathalang Tesis at Pananaliksik


Bayang, E. E., & Rodriguiz, A. L. R. (2020). Kaalaman at kasanayan sa pananaliksik ng mga *senior high school* sa Filipino: Implikasyon sa pagtanggal ng Filipino sa kolehiyo (CHED Memo Blg. 20 S. 2013). Surigao State College of Technology.

Bolima, G. (2022). Paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Junior High School. [Tesis, Golden Gate Colleges].

Bongga, R. (2024). Socratic Method of Tutoring: An Innovation for Better Students' Numeracy Skills. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10(5), 45–53. Retrieved from https://eprajournals.com/IJMR/article/13017

Delos Santos, L., Garingalao, A. D. N., Mariano, J., Torre, D., Najam, H., & Ladao, C. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school, *08*, 130–140.

Fabros, A., & Ibañez, C. (2023). Effectiveness of Utilizing Graphic Organizers in

Improving Conceptual Understanding towards Operations of Fractions among Teachers. International Journal of Instruction, 16(1), 45–60. Retrieved from https://e-iji.net/dosyalar/iji_2023_1_28

Gutierrez, L. M. (2022). Ang pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng bagong normal sa Lawak 1 ng lalawigan ng Batangas. [Tesis, Golden Gate Colleges].

Juan, J. (2023). Paggamit ng wikang Filipino bilang hamon sa pananaliksik sa *Inquiries, Investigation, and Immersion*. Pensamientos - School Research Journal.

Predonio, M. R. H. (2021). Pagbuo ng gabay sa pagsusulat ng saliksik sa Filipino. [Tesis, Golden Gate Colleges].

Ramirez Jr., C. M. (2021). Paglinang ng impormal na antas ng wikang Filipino bilang gamit sa komunikasyon sa *Senior High School*. [Tesis, Golden Gate Colleges].

Sotomil, D. A. (2021). Lebel ng interes sa Filipino ng mga mag-aaral na Tsino. [Tesis, Golden Gate Colleges].

Sugiarni, & Firdaus, M. (2024). The application of Padlet as a peer pidbak tool in writing. In *Proceedings of the 6th International Seminar Universitas Tulungagung*. Universitas Tulungagung.

**C. Mga Dyornal**

Agni, J. M. V. (2025). Paggalugad sa karanasan ng mga mananaliksik sa Filipino sa pag-aakma ng kanilang pananaliksik sa pamantayan ng Turnitin: Isang kwalitatibong pag-aaral. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research* (IJMR), 11(1), 423.

Aina, J. (2023). Teachers' effective use of educational mapagkukunan and their effect on students' learning. *Üniversitepark Bülten, 12*, 83–98. https://doi.org/10.22521/unibulletin.2023.122.4

Albulescu, I. (2021). Student learning. *The European Proceedings of Social & Behavioural Sciences EpSBS*, *1*, 1–9. https://doi.org/10.15405/epsbs.2021.03.02.1

Altikriti, S. (2022). Challenges and strategies of undergraduate students in writing the review of related literature. Journal of Language and Education, 8(4), 45–56. https://doi.org/10.17323/jle.2022.15864

Alendajao, J., Lopez, M., Villanueva, V., Gonzales, N., Lanolie, L., Orias, L. G., Chua, E., Tandoy, J., Figuracion, E., & Timbal, K. (2024). Language experiences of Filipino teachers in New Mexico, USA: A phenomenological study. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 16*, 329–348.

Amerstorfer, C. M., & Freiin von Münster-Kistner, C. (2021, October 28). Student

perceptions of academic engagement and student-teacher relationships in problem-based learning. *Frontiers in Psychology, 12*, Article 713057. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.713057

Blundell, C., Mukherjee, M., & Nykvist, S. (2022). A scoping review of the application of the SAMR model in research. *Computers and Education Open, 3*, 100093. https://doi.org/10.1016/j.caeo.2022.100093

Calibo, R. (2023). Time Management Challenges of Senior High School Students in Research Writing. Philippine Journal of Educational Research, 5(2), 45– 56.

Calzon, B. (2023). The importance of data analysis and interpretation in research. Datapine Research Insights. https://www.datapine.com/blog/data-analysis importance/

Charalampous, A., & Darra, M. (2024). The effect of the teacher's pidbak on student academic achievement: A literature review. Journal of Education and Learning, 14(1). https://doi.org/10.5539/jel.v14n1p42

Cents-Boonstra, M., Lichtwarck-Aschoff, A., Denessen, E., Aelterman, N., & Haerens, L. (2020). Fostering student engagement with motivating teaching: An observation study of teacher and student behaviours. *Research Papers in Education, 36*(6), 754–779. https://doi.org/10.1080/02671522.2020.1767184

Chin, J. M.-C., Ching, G. S., del Castillo, F., Wen, T.-H., Huang, Y.-C., del Castillo, C. D., Gungon, J. L., & Trajera, S. M. (2022). Perspectives on the barriers to and needs of teachers' professional development in the Philippines during COVID-19. *Sustainability, 14*(1), Article 470. https://doi.org/10.3390/su14010470

Daguplo, C. M., & Paglinawan, J. L. (2025). Exploring the relationship between students' interest and research writing performance among Grade 12 students. International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS), 9(05), 4836–4845. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.905000371

Edma, C. G., & Marbella, F. D. (2023). Kompetensi ng mga mag-aaral sa *senior high school* sa larang ng pagsulat teknikal. *American Journal of Multidisciplinary Research & Development (AJMRD),* 5(1), 16-26.

Espiritu, J. B., & Acerit, M. D. (2024). Estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa *senior high school*: Batayan sa pagbuo ng mga estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat. *International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST), 9(7).*

Evmenova, A., Regan, K., Mergen, R., & Hrisseh, R. (2024). Improving writing pidbak for struggling writers: Generative AI to the rescue? *TechTrends, 68*.

https://doi.org/10.1007/s11528-024-00965-y

Fisher, C. (2017). Padlet: An online tool for learner engagement and collaboration. *Academy of Management Learning & Education, 16*. https://doi.org/10.5465/amle.2017.0055

Groth, R., & Choi, Y. (2023). Students' data analysis reasoning in research contexts. International Journal of Research in Education and Science, 9(1), 112–125. https://doi.org/10.46328/ijres.3387

Hussein, A. (2023). Mentoring undergraduate students in research: A framework for skill development. International Journal of Educational Research Open, 5(2), 100–109. https://doi.org/10.1016/j.ijedro.2023.100179

Javier, B. (2022). Practices of Filipino public high school teachers on digital teaching and learning technologies during the COVID-19 pandemic: Basis for Learning Action Cell sessions. *International Journal of Computing Sciences Research, 6*, 707–722. https://doi.org/10.25147/ijcsr.2017.001.1.67

Lagata, M. C. J., & Marbella, F. D. (2024). Kasanayan sa pasulat na Filipino ng mga guro sa *junior high school* sa pampublikong paaralan sa lungsod Sorsogon. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(7), 127-141.*

Lausa, M. R., Leopoldo, D. R. S., & Dabalos, L. J. C. (2024). Mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa *senior high school*. *The American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 7(2), 63- 78.*

Nguyen, D. M. T., & Nguyen, H. T. (2023, June). The effects of using peer pidbak through Padlet on EFL students' email writing and their learning motivation. *International Journal of Social Science and Human Research, 6*(6), 3400–3409. https://doi.org/10.47191/ijsshr/v6-i6-24

Odod, D. R. (2024). Kasanayang lingguwistika at kahandaan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa antas ng *senior high school. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10(12), 119.*

*Oyler, D. R. (2014). The Fact of Ignorance: Revisiting the Socratic Method as a Pedagogical Tool. Journal of Philosophy of Education, 48(2), 222–239. https://doi.org/10.1111/1467-9752.12065*

Raposas, A. G., & Cabarteja, D. M. (2024). Kasanayan ng mga mag-aaral sa *senior high school* sa pananaliksik: Batayan sa paglinang ng gawaing pangguro. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies (IJAMS), 4(5), 936-954.*

*Robinson, C. (2020, February 6). Increase student motivation with more choices. New England Board of Higher Education (NEJHE). https://nebhe.org/journal/increase-student-motivation-with-more-choices/*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Sali, J. N., Ajijun, M. J. R., Martin, R. L., Abing, K. C. O., & Jainal, E. A. (2024). Mga kagamitang pampagtuturong ginagamit sa mga asignaturang Filipino. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8(3), 83- 92. https://www.ajhssr.com*

*Steinmayr, R., & Spinath, B. (2020). The importance of students' motivation for their academic achievement. Frontiers in Psychology, 10, 1730. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.01730*

*Suh, H., Lee, S., & Park, J. (2020). Research objective clarity and academic achievement among student researchers. Educational Studies, 45(5), 567– 580. https://doi.org/10.1080/03055698.2020.1558825*

Sun, Q., & Zhang, L. J. (2022). Understanding learners' metacognitive experiences in EFL writing. *Frontiers in Psycholo*

*gy, 13*. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.986301

Tabalba, C. M. C., & Paglinawan, J. L. (2025, May 22). Initiatives of teachers handling research subjects in *Senior High School*. *International Journal of Research and Scientific Innovation (IJRSI), 1*(May), Article 90400471.

Teng, M. F., Qin, C., & Wang, C. (2021). Validation of metacognitive academic writing strategies and the predictive effects on academic writing performance in a foreign language context. *Metacognition and Learning, 17*, 167–190. https://doi.org/10.1007/s11409-021-09278-4

Thi, N. K., & Nikolov, M. (2022, December). How teacher and Grammarly pidbak complement one another in Myanmar EFL students' writing. *Asia-Pacific Education Researcher, 31*(6), 767–779. https://doi.org/10.1007/s40299-021-00625-2

Truong, Q., Vuong, L., & Nguyen, T. (2023). Time management challenges of undergraduate researchers. Journal of Educational Practice and Theory, 16(2), 201–214. https://doi.org/10.31014/aior.1993.16.2.521

Tindal, H. D. (2020). The effects of student involvement in writing topic selection on motivation and quality of work (Master's thesis). University of South Carolina. https://scholarcommons.sc.edu/etd/5055

Urton, K. (2025). Effects of Graphic Organizers on Outcomes for Students: A Meta-Analysis. Journal of Educational Research and Practice, 18(4), 121– 138

Valle, L. C., Gonzales, R. R., Almacen, R. M. L., Batucan, G., & Gonzales, G. G. (2024). Modeling the relationship of the TPACK framework with cyber wellness, school climate, and digital nativity of basic education teachers. *Frontiers in Education*.

https://www.frontiersin.org/journals/education/articles/10.3389/feduc.2024.1397888/full

Villanueva, M., & Dela Cruz, J. (2022). Motivational Factors Affecting Students' Engagement in Research Writing. International Journal of Education and Pedagogy Studies, 4(3), 33–41.

Xiang, S. (2025). Research topic choice: Motivations, strategies, and outcomes. Quantitative Science Studies. https://doi.org/10.1162/qss_a_00365

Yilmaz, E., & Şahin, M. (2017). Variables affecting student motivation based on academic publications. Journal of Education and Practice, 8(12), 112–119. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1140621.pdf

Zinkevich, N., & Ledeneva, T. (2021). Using Grammarly to enhance students' academic writing skills. *Professional Discourse & Communication, 3*, 51– 63. https://doi.org/10.24833/2687-0126-2021-3-4-51-63

Zhang, L., Li, M., & Huang, Y. (2023). The Impact of Project-Based Learning on Student Outcomes in Research Education. Asian Journal of Education and Training, 9(2), 100–112. https://doi.org/10.20448/journal.522.2023.92.100.112

**D. Mga Hangguang Elektroniko**

*Academia*.edu. (n.d.). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. https://www.academia.edu

*Academia*.edu. (n.d.). Paggamit ng wikang Filipino bilang hamon sa pananaliksik sa *Inquiries, Investigation, and Immersion*. https://www.academia.edu

Aralin PH. (2022). Kahulugan ng pananaliksik. https://aralinph.com

*Department of Education. (n.d.). K to 12 Basic Education Curriculum Senior High School – Core Subject*: Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. https://www.deped.gov.ph

DepEd Tambayan. (2022). Pagbibigay kahulugan sa mga konseptong kaugnay ng pananaliksik. https://depedtambayan.net

IGI Global. (2023). Student learning. In *IGI Global Dictionary*. https://www.igiglobal.com/dictionary/student-learning/56058

*International Journal of Academic Multidisciplinary Studies. (2022).* Kasanayan ng mga mag-aaral sa *Senior High School* sa pananaliksik. https://www.ijams-bbp.net

Kale, R. (2023). Zotero and Mendeley: Reference management software for citation, *1*, 5–10.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

McLeod, S. (2025, March 18). Vygotsky's sociocultural theory of cognitive development. *Simply Psychology*. https://www.simplypsychology.org/vygotsky.html

McLeod, S. (2025, March 31). Constructivism: A theory for teaching and learning. *Simply Psychology*. https://www.simplypsychology.org/constructivism.html

Quizlet. (2023). Pagbibigay kahulugan sa mga konseptong kaugnay ng pananaliksik. https://quizlet.com

Rafferty, J. P. (n.d.). Thorndike's law of effect. In *Encyclopaedia Britannica*. Retrieved July 14, 2025, from https://www.britannica.com/science/Thorndikes-law-of-effect

Ruston, S. (2021, December 2). The Philippines still hasn't fully reopened its schools because of COVID-19: What is this doing to children? *Time*. https://time.com/6124045/school-closures-covid-education-philippines/

Sarmiento, C. P. (2021, August 15). Teachers spend money from own pocket to buy gadgets, avail of Internet services to facilitate teaching–learning: DOST study. *Manila Bulletin*. https://mb.com.ph/2021/8/15/teachers-spend money-from-own-pocket-to-buy-gadgets-avail-of-internet-services-to facilitate-teaching-learning-dost-study

Stretton, S. (2021, May 12). When is learning successful? The application of learning as a successful process. *eLearning Industry*. https://elearningindustry.com/application-of-learning-successful

*The American Journal of Humanities and Social Sciences Research [AJHSSR]*. (2024). Mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa *Senior High School*. https://www.theajhssr.com

Turnitin. (2023, April 6). The importance of pidbak loops within the student writing process. *Turnitin Blog*. https://www.turnitin.com/blog/the importance-of-pidbak-loops-within-the-student-writing-process

UNESCO. (2025). What you need to know about languages in education. *UNESCO*. https://www.unesco.org/en/languages-education/need-know